DEPARTMENT OF ECOLOGY
State of Washington

# Paglilinis sa Boathouse Inc Renton Skyway Site




Paglilinis sa Boathouse Inc Renton Skyway Site

## Tatanggapin ang mga komento

Hulyo 18 – Agosto 16 2022

## Isumite ang mga komento

**Online sa:**
https://bit.ly/Ecology-Boathouse-Comments

**O sa pamamagitan ng sulat sa:**
Sandra Matthews, Site Manager
WA Department of Ecology
PO Box 330316
Shoreline, WA 98133-9716
425-223-1999
sandra.matthews@ecy.wa.gov

## Mga lokasyon ng pagsusuri sa dokumento

https://bit.ly/Ecology-Boathouse

**Skyway Library**
12601 76th Ave S
Seattle, WA 98178
206-772-5541

**Department of Ecology**
**Northwest Regional Office**
15700 Dayton Ave N
Shoreline, WA 98133
*Tumawag para sa isang appointment:*
206-594-0000

## Impormasyon ng site

Facility Site ID: 56652786
Site Cleanup ID: 567

## Pagsulong ng proseso ng paglilinis

Pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Ekolohiya (Ecology) ang paglilinis sa Boathouse Inc Renton Skyway Site sa kapitbahayan ng Skyway, na isinasagawa ng GardnerGlobal, Inc (GG). Pinopondohan ng Ecology ang paglilinis na ito sa pamamagitan ng kanilang Grant Program ng Paglilinis sa Abot-kayang Pabahay (Affordable Housing Cleanup Grant Program). Tinitiyak ng programang ito na ang mga site ay "nalinis nang maayos habang itinataguyod ang pakikibahagi ng komunidad at sinisiguro ang abot-kayang pabahay sa proseso."

Gusto naming makuha ang inyong mga komento sa sumusunod na mga dokumento:

- **Utos ukol sa Pahintulot para sa Inaasahang Mamimili (Prospective Purchase Consent Decree, PCCD):** legal na kasunduan na nag-uutos sa mamimili na ipatupad ang paglilinis sa site, at nag-aatas sa mamimili ng pagbabayad sa pananagutan.
- **Plano ng Pakikilahok ng Publiko**: ipinapaliwanag ng dokumento kung paano makikilahok ang mga tao sa proseso ng paglilinis.

## Online na pampublikong pagpupulong

Bilang konsiderasyon sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, magdaraos ang Ecology ng *online* na pampublikong pagpupulong para magbigay ng higit pang impormasyon at sagutin ang mga tanong.
**Kailangan ang pagpaparehistro.**

**Miyerkules, Agosto 3, 2022**
6:30 – 7:00 p.m. presentasyon
7:00 – 7:30 p.m. sesyon para sa tanong at sagot

Pumunta sa http://bit.ly/Ecology-Boathouse para sa mga detalye ng pagpaparehisto ar pag-login.

## Background

Isang dating tindahan ng retail at pasilidad ng dry cleaning ang site ng Boathouse Inc. Renton Skyway (site) na nasa Skyway, isang kapitbahayan sa unincorporated King County, Washington. Humigit-kumulang 0.48 ektarya ang ari-arian at na-zone para sa paggamit ng negosyo sa komunidad.

Ang Ken's Skyway Cleaners na isang pasilidad ng dry cleaning, ay nagpatakbo ng negosyo sa site mula 1982 hanggang 2002. Nakontamina ang lupa at tubig sa ilalim ng lupa mula sa mapanganib na mga kemikal na ginamit sa negosyo ng dry cleaning.

Nasasailalim ang GG sa kasunduan sa pagbili at pagbenta para muling paunlarin ang Site na ito bilang ang proyektong Skyway Towncenter (Proyekto) Magkakaroon ang proyekto ng pabahay na ito na may maraming gamit at para sa maraming pamilya ng sumusunod:



Tanawin mula sa himpapawid ng site, sa kasalukuyan.

- Humigit-kumulang 250 kabuuang yunit
- Di-bababa sa 50 abot-kayang paupahang yunit (20% ng kabuuang yunit)
- 30,000 square feet para sa komersyal, opisina, at komunidad na espasyo

Magiging available na upahan ang mga abot-kayang yunit sa 60%-80% ng median na kita sa lugar (area median income, AMI). Kinakalkula ang AMI kada taon ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod (Department of Housing and Urban Development) para sa bawat county. Pipiliin ang mga elemento ng disenyo para sa lugar na ito gamit ang mungkahi ng komunidad at likha ng mga lokal na artist. Kung mayroon kang mga tanong o komento sa muling pag-develop ng ari-ariang ito, mangyaring magkomento ditto: https://bit.ly/SkywayTowncenter

## Kontaminasyon

Kinumpirma na naapektuhan ng solvent ang tubig sa ilalim ng lupa sa ari-arian at ang katabing lote na bumubuo sa lugar. Tutukuyin ang lawak ng kontaminasyon sa pagsisiyasat para sa lunas. Ang mga balon ng tubig sa ilalim ng lupa ng kabayanan para sa Skyway Water District (humigit-kumulang 9,890 ang gumagamit) at Lungsod ng Renton (humigit-kumulang 62,100 ang gumagamit) ay matatagpuan sa loob ng 2 milya ng Site.

Natuklasan ng pagsisiyasat ang sumusunod na mga contaminant sa lupa at tubig sa ilalim ng lupa:

- Tetrachloroethene (PCE)
- trichloroethene (TCE)
- cis-1,2-dichloroethene (DCE)
- vinyl chloride (VC)

Natuklasan ang lahat ng contaminant na ito na lampas sa mga antas na itinakda sa batas ng estado sa paglilinis, ang Batas ukol sa Huwaran ng Pagkontrol sa Lason (Model Toxics Control Act, MTCA[1]). Iniaatas ng MTCA na linisin ang mga contaminant na ito.

[1] www.ecology.wa.gov/mtca

## Bakit mahalaga ang site na ito

Naging posible ang paglilinis sa site na ito sa ilang antas mula sa pondo ng [Mga Grant para sa Paglilinis sa Abot-kayang Pabahay ng Ecology][2].

Lubhang nangangailangan ang Washington ng abot-kayang pabahay sa buong estado. Ang kontaminasyon, o kahit ang hinihinalang kontaminasyon, ay nagpapataas sa mga presyo ng pagtatayo ng pabahay. Maliit lang ang iniiwang insentibo ng mataas na gastusin para makapagtayo ng abot-kayang pabahay ang mga developer.


Bukod sa mga karaniwang panganib ng muling pagtatayo, puwedeng maging isang masalimuot na proseso na may malaking panganib ang paglilinis ng mga kontaminadong site. Madalas na hindi gaanong nauunawaan ang gastusin at panahong nauugnay sa paglilinis ng site; dahil dito, maraming site ang naiiwang bakante o hindi nagagamit nang husto sa loob ng ilang taon, o mga dekada pa nga. Ang pagsuporta sa mga paglilinis para sa abot-kayang pabahay ay nakakatulong na maisagawa ang paglilinis, na pumoprotekta sa kalusugan ng komunidad at sa kapaligiran.

Binuo ng Ecology ang Grant Program para sa Paglilinis sa Abot-kayang Pabahay (Affordable Housing Cleanup Grant, AHCGP) para makatulong na isulong ang mga paglilinis sa kapaligiran para sa mga pagtatayo ng abot-kayang pabahay. Puwedeng saklawin ng mgagrant na ito ang mga gastusin para sa panlunas na aksyon, kasama ang pagpaplano, pagsisiyasat, at teknikal na gawaing kailangan para linisin ang mga kontaminadong site. Layunin ng AHCGP na pabilisin ang paglilinis at muling pagpapaunlad sa mga kontaminadong site patungo sa paggamit para sa abot-kayang pabahay at bawasan ang epekto ng mga gastusin sa paglilinis.

## Anong susunod na mangyayari?

Isasaalang-alang ng Ecology ang lahat ng komento na natanggap at maaaring baguhin ang mga dokumento batay sa inyong mga komento. Pagkatapos niyan, isasapinal ang PPCD at Plano ng Pakikilahok ng Publiko, at magsisimula ang pormal na paglilinis.  Pagkatapos ay kukumpletuhin naman ang isang Pagsisiyasat para sa Lunas at Pag-aaral ukol sa Posibilidad. Hahantong sa Plano para sa Aksyon ng Paglilinis ang mga resulta ng Pagsisiyasat para sa Lunas at Pag-aaral ukol sa Posibilidad. Magiging available para sa pagsusuri at komento ng publiko ang mga draft ng Pagsisiyasat para sa Lunas at Pag-aaral ukol sa Posibilidad pati na ang Plano para sa Aksyon ng Paglilinis. (Tingnan ang larawan sa ibaba.)

## Proseso ng pormal na paglilinis ng Washington




[2] https://ecology.wa.gov/Spills-Cleanup/Contamination-cleanup/Brownfields/Affordable-housing

Toxics Cleanup Program
PO Box 330316
Shoreline, WA 98133

# Iniimbitahan ang mga komento – Paglilinis sa Boathouse Inc Renton Skyway Site



Tanawin mula sa himpapawid ng site, sa kasalukuyan.

## Panahon ng pagkokomento ng publiko

**Hulyo 18 – Agosto 16 2022**

https://bit.ly/Ecology-Boathouse

## Online na pampublikong pagpupulong

**Miyerkules, Agosto 3, 2022**

- 6:30 – 7:00 pm: presentasyon
- 7:00 – 7:30 pm: sesyon para sa tanong at sagot
- Pumaunta sa https://bit.ly/Ecology-Boathouse para sa mga detalye ng pagpaparehisto ar pag-login.

**Mga Kahilingan para sa Akomodasyon: Para humiling ng akomodasyon mula sa Americans with Disabilities Act (ADA) kasama na ang mga materyales sa format para sa may kapansanan sa paningin, tumawag sa Ecology sa 206-594-0000 o bumisita sa https://ecology.wa.gov/accessibility.**